Sabi ni Fribbit, na palakas…."Hindi pa nahuhuli magpatingin ng mata ang iyong anak."

Eye See…Eye Learn ay isang programa para sa kalusugan ng paningin, upang matulungan ang mga magulang na maunawaan kung bakit nararapat na suriin ng manggagamot ang mata ng kanilang mga anak.

Lahat ng bata ay dapat magpasuri o magpaiksamen ng kanilang mata. Ito ay dapat gawin magmula ng sila ay anim na buwan ang idad hanggang labindalawang buwan. Ito ay dapat ulitin pagdating ng ikatatlong taon at pag sila ay idad limang taon. Pagkaraan ng limang taon, ang iksamen sa mata ay kailangan gawin ng minsan bawat isang taon. Mahalaga na lahat ng bata ay magkaroon ng isang kumpletong pagsusuri ng mata bago sila magsimula ng pag-aaral.

Bakit kailangan?

- May mga suliranin o sakit na maaaring maagapan kaagad kung ito ay natuklasan ng maaga.
- 80% ng pag-aaral ng mga bata ay sa pamamagitan ng kanilang paningin – ang paggamit ng mata.

Magkano ang halaga?

-Ang ating pamahalaan ay may sariling patakaran na anumang pagsusuri ng manggagamot sa mata ay walang bayad. Ito para sa lahat mula ng pagkasilang hanggang idad labing walong taon.

Paano ako maghahanap ng doctor sa mata?

-Hindi na kailangan magsangguni. Maaari ka na lang tumawag sa telepono at humingi ng araw ng tiyapan

- Tumingin sa Yellow Pages ng telephone directory.
- Tumawag sa "Alberta Association of Optometrist" sa numero 451-6824 o 1-800-272-8843.
- Tumawag sa Multicultural Health Brokers Co-op sa 423-1973.
- Siyasatin ang website www.optometrists.ab.ca at pindutin ang "find an optometrist near you."

<u>Paano kung nangangilangan ang aking anak ng salamin sa mata?</u>

-Sa pamamgitan ng programa na "Eye See, Eye Learn" bawat bata na kindergarten ay mabibigyan ng libreng pares na salamin sa mata. Lahat ng paaralan sa buong Alberta ay may ganito ring programa.

Itong, kasulatan ay sinulat ng Alberta Association of Optometrists at ng Multicultural Health Brokers Coop. Ang pagsasalin wika ay naganap sa pagtulong ng Alberta Children's Services.

© 2006